

KAUTUSÁNG BLG. 3

NA NAGTATADHANÀ NG PAGPAPATALÀ NG MGA TAONG NAGMAMAY-ARÌ NG MGA NAKATINGGAL NA GAMÓT AT KAGAMITÁN SA PANGGAGAMÓT, AT NG MGA MAY-ARÌ NG BOTIKA AT MÁNGANGALAKAL NG MGA GAMÓT, AT NG PAGHAHARÁP NG TALAARIAN NG LAHÁT NG MGA GAMÓT AT PANINDA NG BOTIKA, PATÍ NG MGA GAMIT AT KASANGKAPAN SA PANGGAGAMÓT, AT NAGTATADHANÀ NG MGA PARUSA SA PAGLABÁG DITO.

SAPAGKA'T ang gamót, gaya ng pagkain, ay totoóng kailangan sa pagpapanatili ng kalusugán ng bawa't tao at ng kagálingan ng madlá at sa pag-iingat at paggamót sa mga sakít;

SAPAGKA'T ang pagtatagò ng mga gamót at ng ibá pang kailangang mga kagamitán sa panggagamót ay sinasadyâ ng mga taong gumagawâ, namámahagi at nagbibilí ng mga gamót at ibá pang yaring ukol sa parmasya, sa hangád na makapagsamantalá at makinabang nang malakí, kahit na ang ganitó'y nakapípinsala sa madlá;

SAPAGKA'T may mga taong sa hangád na biglaang magsiyaman, sukdang makapinsalà sa buhay ng kani-láng mga kapuwâ, ay gumagawâ ng mapapanganib na paghahalò sa mga gamót at sa mga yaring paninda sa botika at gayon din ng mga huwád na gamót, at ipinagbibilí itó na parang tunay; at

SAPAGKA'T kinákailangang ang Pámahalaán ay magmaingat at magkadaáng masubaybayáng mabuti ang mga kilusáng hinggil sa pagbibilí, pamamahagi, paggawâ at paghahandâ ng mga gamót at ng mga niyaring ibá pang paninda sa botika, at magkaroón din namán ng daáng mákilala ang dami ng mga gamót na magagamit sa Siyudad, sang-ayon sa pangangailangan ng mga mámamayan dito, upáng makapagpairal ng nangábabagay na pamalakad na hinihingí ng mga pangyayari; *Dahil diyán,*

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. *Pangangailangang magpatalâ at magharáp ng talaarian (inventario).*—Sino mang taong may itinatangò o pagkalagdâ nitó'y magtagò ng mga gamót at ng mga gamit at kasangkapan sa panggagamót, magíng ginagamit sa hanapbuhay ng panggagamót magíng ipinagbibilí sa madlá, at sino mang taong nagmamay-ari, namámahalà o nagpapalakad ng isáng botika, parmasya, laboratoryo, págamutan, o alín mang ibáng págawaan o tindahang yumayari, naghahandâ at o nagbibilí sa madlá ng gamót at ibá pang mga paninda sa botika, sa pamamagitan nitó

ay ináatasang magpatalâ at magharáp sa Pinunò ng Kalinisan ng Siyudad ng isáng buóng tálaan ng mga násabing gamót, kagamitán at kasangkapan, sa paraáng itinatakda sa dakong ibabâ nitó: *Nguni'y dapat matalastas,* Na ang pagiingat ng mga gamót at kagamitáng labis sa katamtamang pangangailangan ng taong nag-iingat at ng kanyang mag-anak, ay ipalalagáy na paglalaán pará sa hanapbuhay na panggagamót o upáng máipagbilí sa madlá.

Bawa't magpatalâ ay magbabayad ng buwís na dalawáng piso sa Ingatyaman ng Siyudad.

TUNT. IKA-2. *Paano ang gagawín.*—Ang pagpatalâ ay gagawín sa isáng inihandang palásulatan sa bagay na itó ng Pinunò ng Kalinisan ng Siyudad, at kasa-saarán ng mga bagay-bagay na maaaring hingín ng násabing pinunò, na may patibay ng Alkalde.

Sa tálaan ay dapat mápalakíp hindi lamang ang mga gamót, kasangkapan at bálánáng kagamitáng itinatanghal sa madlá, kundí patí ng mga iníingatang nakaligpit o nangasa-pintungan o sa alín mang taguán.

TUNT. IKA-3. *Araw ng pagpapatalâ.*—Ang pagpapatalâ at paghaharáp ng talaarian hinihingí rito ay dapat gawín ng mga págawaan at tindahang bukás sa petsang ipagkákabisà ng Kautusáng itó, nang hindi lalagpas sa tatlumpung araw sapúl sa násabing petsa.

Pagkapagharáp ng unang talaarian ay dapat gumawâ ng ibáng tálaan sa tuwíng ikaitlong buwán, at ihaharáp itóng gaya ng nakatakda sa unahan.

TUNT. IKA-4. *Parusa sa lumabág.*—Sino mang taong lumabág sa alín mang tadhanà ng Kautusáng itó o magbigáy ng lisyang pahayag o ulat sa pagpapatalâ o sa tálaang itinatakda rito, ay parúrusahan ng pagkábilanggong hindi hihigít sa anim sa buwán o ng isáng multang hindi hihigít sa dalawáng daáng piso o ng magkalaping multa at pagkábilanggô, ayon sa marapatin ng Húkuman.

Inilagda sa Siyudad ng Maynilà ngayóng ika-10 araw ng Setyembre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 6

NA NAGTATAKDÂ NG IISÁ LAMANG PÁTAKARÁNG-BUWÍS SA PAGKAKATAY NG MGA HAYOP SA LAHÁT NG SADYANG PÁKATAYAN SA SIYUDAD NG MAYNILÀ.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. *Halagá ng singíl.*—Dapat patawan at singilán ang bawa't kilógramo ng karne patí dilà, atay at ibá pang mga bahagi ng katawán ng bawa't

hayop na kátayin sa mga sadyang pákatayan sa Siyudad ng Maynilà, ng isáng pabuwís na halagáng tatlo at kalahating séntimos, bukód sa unang pagbá-payaran at sísingilíng limampung séntimos sa mga lamáng-loób ng bawa't kinatay na kalabáw, apatnapung séntimos kung sa baka at kabayo, at dalawampu't limáng séntimos kung sa baboy.

TUNT. IKA-2. Pagbabayad ng buwís.—Waláng karne, lamáng-loób o ibáng bahagi ng katawan ng hayop na maaaring mailabas sa pákatayan hanggang hindi napagbabayaran ang buwís na itinatakda rito: *Nguni'y dapat matalastas*, Na walang buwís na sisingilin sa isang hayop na ipinasiyang may-sakit ng beteri-naryong katiwalà ng pamahalaan.

TUNT. IKA-3. Paniningil.—Ang mga buwís na itinatkdà rito ay dapat singilin ng Ingat-yaman ng Siyudad nang ayón sa paraang iniaatas ng Alkalde. Lahat ng buwís na masingil sa bisà ng Kautusang itó ay ilalagak araw-araw sa Ingang-yaman ng Siyudad.

TUNT. IKA-4. Pagpapawaláng-bisà sa mga salungát na kautusán ng Siyudad at ng munisipyo.—Ang mga bahagi ng umiiral na mga kautusáng-siyudad at kautusáng-munisipyo na may pagkasalungát sa mga tadhanà ng Kautusáng itó ay pinawawaláng-bisà.

Inilagda sa Siyudad ng Maynilà ngayóng ika-29 na araw ng Setyembre, 1942.

(May-lagdà) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 8

NA NAG-AATAS SA MGA TAONG BUHAT SA MGA LALAWIGAN NA PATALÀ SA MAYNILÀ KUNG ANG KANILÁNG PAGPARITO AY UPÁNG MANIRAHANG PANSAMANTALA O PÁLAGIAN, AT NAGTÁTADHANÀ NG PARUSA SA LUMABÁG.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Lahát ng taong hindi talagáng naninirahan sa Maynilà na pumarito sa Siyudad upáng manirahan nang pansamantala o pálagian, ay ináatasan sa pamamagitan nitó na magpatalà sa loób ng apatnapu't walóng oras pagdatíng, sa Tanggapan ng Kostabularya Metropolitana sa City Hall o sa alín mang sangáng-himpilan ng Pulisya ng Siyudad, na ibibigáy ang kanyang pangalan, patí ng mpa ibáng pamagát sa kanya kung mayroón; gulang; kalágayang sibíl; bilang, bayan at araw ng katibayan sa paninirahan (residence tax); táhanan sa lalawigan; táhanan sa Siyudad; bayang sinilangan; hanapbuhay; lugál na pinagháhanapbuhayan, kung mayroón; lalong malapit na kamag-anak o tagakandili at ang táhanan nitó; pangalan ng pinunò ng mag-anak na kanyang kiná-titirhan sa Siyudad; layon ng paninirahan sa Siyudad; at araw humigít-kumulang ng pag-alís upáng bumalík sa lalawigan.

Sakaling batà o may sakit o may kapinsalaan sa katawán, ang pagpapatalà sa kanyang pangalan ay dapat gawín ng kanyang kasama na may karampatang gulang, kung mayroon, at kung walà ng ganitóng kasama, ay ng pinunò o ng isáng may pananágulang kabilang sa mag-anak na tinitirhan sa Siyudad ng násabing batà o may sakit o may kapinsalaang tao.

Kung ang násabing tao ay hindi naninirahan sa alín mang mag-anak sa Siyudad kundí siya'y nangungupahan sa isáng silíd o bahay, ang pinangungupahan o ang kinatawán nitó ay siyáng gagawá ng pagpapatalà.

Sa layon ng Kautusáng itó, ang pinunò ng isáng págamutan, dormitoryo o párusahan ay ipalalagáy na pinunò ng mag-anak.

TUNT. IKA-2. Sa loób ng dalawáng araw na makalís ang isáng tao sa Maynilà upáng bumalík sa pinagbuhatang lalawigan, ay tungkulin ng pinunò ng mag-anak na kanyang tinahanán sa Siyudad o ng may-arì ng bahay na kanyang tinirhan, sangayon sa pangyayari, na magbigáy-alam ng gayóng pag-alís sa Tanggapan ng Kostabularya Metropolitana sa City Hall o sa sangáng-himpilan ng Pulisya na pinagpatalaáng una.

TUNT. IKA-3. Sino mang tao na lumabág sa alín mang tadhanà ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang hindi hihigít sa limampung piso o ng pagkábilanggong hindi hihigít sa isang buwán, o ng násabing multa at pagkábilanggo, ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKA-4. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà agád.

Inilagda sa Siyudad ng Maynilà, Pilipinas, ngayóng ika-29 na araw ng Setyembre, 1942.

(May-lagdà) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 11

NA NAGPAPATAW NG BUWÍS SA PAHINTULOT SA HANAPBUHAY NA PAGGILING NG BIGÁS, MAÍS, KAMOTENG-KAHOY O ALÍN MANG IBÁNG URÌ NG MGA GÁLAPUNGING BUTIL O NG LAMÁNG-LUPÀ, O SA HANAPBUHAY NA PAGLULUTÒ SA HURNO O IBÁNG LUTUÁN NA GAMIT ANG NÁSABING MGA GALAPÓNG O LAMÁNG-LUPÀ, GAYA NG PUTO, PUTUBUMBONG, KUTSINTÀ, BIBINGKA, BIT-SUBITSO, BUTSE, O ANÓ MANG URÌ NG MAMÓN O BISKUWÍT UPÁNG IPAGBILÍ.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos sa pamamagitan nitó na:

TUNTUNING 1. Labág sa kautusán na sino mang tao ay maghanapbuhay o mamuhunan sa hanapbuhay na paggiling ng bigás, maís, kamoteng-kahoy o anó mang urì ng mga gálapunging butil o lamáng-lupà, o sa paglulutò sa hurno o ibáng lutuán, na gamit ang

násabing mga galapóng o lamáng-lupà, gaya ng puto, putubumbong, kutsintâ, bíbingka, bitsubitso, butse o anó mang urì ng mamón o biskuwít, upáng ipagbilí, nang hindi muna nakakukuha sa Ingatyaman ng Siyudad ng isáng ukol na pahintulot.

TUNT. IKA-2. Ang pahintulot na hinihingì rito ay dapat gawín at ipagkaloob sa sino mang tao, pagkaspagbayad na páuna ng isáng táunang buwís sangayon sa sumusunód na pátakarán:

PANGKAT I.—*Paggiling ng bigás, maís, kamotengkahoy o ng alín mang ibang urì ng butil o lamáng-lupà upáng gawing galapóng at máipagbilí.*

Uring A. Sa gumagamit ng gilingangbató o alín mang balangkaw (aparato) o kasangkapang pinakikilos ng mákináng may 3 o mahigít na kabayong-lakás..... ₱120.00 s. t.

Uring B. Sa gumagamit ng gilingangbató o alín mang balangkaw o kasangkapang pinakikilos ng mákináng waláng 3 kabayong-lakás 60.00 s. t.

Uring K. Sa gumagamit ng gilingangbató o alín mang balangkaw o kasangkapang pinakikilos ng lakás ng tao 12.00 s. t.

PANGKAT II.—*Paggiling ng bigás, maís, kamotengkahoy o ng alín mang ibáng urì ng butil o lamáng-lupà, at ginagawáng puto, bitsubitso, butse o anó mang urì ng mamón o biskuwít nang maramihan upáng ipagbilí nang pakyawan at tingian o sa pakyawan lamang:*

Uring A. Sa gumagamit ng gilingangbató, balangkaw o kasangkapang pinakikilos ng alín mang urì ng mákiná ₱30.00 s. t.

Uring B. Sa gumagamit ng gilingangbató, balangkaw o kasangkapang pinakikilos ng lakás ng tao 20.00 s. t.

PANGKAT III.—*Paggiling ng bigás, maís, kamotengkahoy o ng alín mang ibáng urì ng butil o lamáng-lupà, at ginagawáng puto, putubumbong, kutsintâ bíbingka, kalamay o alín mang katulad ng mamón (cake), upáng ipagbilí nang tingian lamang:*

Uring A. Sa gumagamit ng mahigít sa 3 gilingangbató ₱10.00 s. t.

Uring B. Sa gumagamit ng 3 gilingangbató 5.00 s. t.

Uring K. Sa gumagamit ng 2 gilingangbató 2.00 s. t.

Uring D. Sa gumagamit ng 1 gilingangbató 1.00 s. t.

PANGKAT IV.—*Paggawâ, paglulutò ng puto, bitsubitso, butse o ng alín mang urì ng mamón o biskuwít na maramihan upáng ipagbilí, na gumagamit ng bigás, maís, kamotengkahoy, o ng alín mang ibáng galapóng, na binilí o nátamó mulâ sa ibáng tao.*

Uring A. Sa nagbibilí nang pakyawan at tingian o sa pakyawan lamang ₱30.00 s. t.

Uring B. Sa nagbibilí nang tingian lamang 20.00 s. t.

TUNT. IKA-3. Ang buwís sa pahintulot na natatakdâ sa sinundang tuntunin ay mabábayaran nang táunan, tuwíng anim na buwán o tuwíng tatlong buwán, sangayon sa máibigan ng nagbabayad ng buwís.

TUNT. IKA-4. Sino mang taong lumabág sa alín mang tadhanà ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang hindi hihigít sa dalawáng daáng piso o ng pagkábilanggong hindi hihigít sa anim na buwán, o ng magkalakíp na multa at pagkábilanggô, sangayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKA-5. Ang kabuuán o ang bahagi ng alín mang kautusán ng Siyudad ng Maynilang umiiral ngayón sa mga poók na nápapaloob sa Siyudad ng Maynilà, na sumásalungát sa mga itinátadhanà nitó, ay pinawawaláng-bisà.

TUNT. IKA-6. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà sa unang araw ng Enero, 1943.

Inilagdá sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng ika-16 ng Oktubre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 12

NA BUMABAGO SA TUNTUNING ANIM NA RAÁN WALUMPU'T DALAWÁ NG SINURING MGA KAUTUSÁN NG SIYUDAD NG MAYNILÀ AT NAGDARAGDAG NG TÁUNANG PABUWÍS SA LAHÁT NG PAHINTULOT NA IPINAGKÁKALOÓB SA ISÁNG PÁGAWAAN NG BISIKLETA HANGGANG APATNAPUNG PISO ISÁNG TAÓN.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos sa pamamagitan nitó na:

TUNTUNING 1. Ang talatang 1 ng tuntuning 682 ng mga Sinuring Kautusán ng Siyudad ng Maynilà ay binabago sa pamamagitan nitó upáng basahing gaya ng sumusunód:

"TUNT. IKA-682. *Buwís.*—Magbabayad sa baw't pahintulot na ipagkaloób sa baw't "livery stable", gaya ng itinátadhanà sa pangkat na itó, ng halagáng labinlimáng piso sa isáng taón; sa baw't sangáy o tanggapan ng "livery stable" o ibá pang silungán ng mga páupaháng sasakyan, gaya ng nililiwanag sa pangkat na itó, ng halagang labindalawáng piso; at baw't págawaan ng bisikleta, ng halagáng apatnapung piso sa isáng taón. Ang pahintulot na ipinagkaloob sa isáng "livery stable" ay ukol lamang sa kinálalagyan; at ang baw't sasakyan at isáng kabayong isinisilong diyán, ay dapat ipagbayad ng halagáng labindalawáng piso sa isáng taón; at baw't kabayong mágdag ay ipagbabayad ng halagáng dalawáng piso isáng taón; at baw't sasakyang kabayong pinaúupahan ay ipagbabayad ng halagáng anim na piso sa isáng taón. Ang pahintulot na ipinagkaloob sa isáng pangmadlang "livery stable"

o sa isáng sangáy o tanggapan ng isáng “livery stable” ay náuukol sa kinálalagyan at dapat na hiwaláy sa pahintulot na hinihingî pará sa bawa’t sasakyang ginagamit na páupahan sa madlá. Sa pahintulot na ipinagkaloób sa isáng págawaan ng bisikleta ay hindi kasama ang pag-iingat ng alín mang sasakyan o kabayong páupahan sa madlá: *Nguni’y dapat matalastas*, Na waláng anó mang ná-sasaád sa pangkat na itóng ipalalagáy na nagbabawal ng pagbubukás ng isáng “livery stable” at isáng “garage” sa poók ding napagkalooban na ng mga pahintulot pará sa “livery stable” at “garage”.

TUNT. IKA-2. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà sa unang araw ng Enero, 1943.

Inilagdá sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng ika-6 na araw ng Oktubre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 14

NA NAGBABAWAL NG PAGBIBILÍ O PAGTANGHAL UPÁNG IPAGBILÍ ANG ALÍN MANG URÌ NG NILUTÒ O HINDI NILUTONG PAGKAIN O ALAK O ÍNUMING PAMPALAMÍG SA LOÓB NG ALÍN MANG LÍBINGAN SA SIYUDAD NG MAYNILÀ, AT PARÁ SA IBÁNG LAYUNÍN.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Labág sa kautusán na ang sino mang tao ay magbilí o magtanghal upáng ipagbilí ang alín mang urì ng lutò o hindi lutong pagkain o alak o ínuming pampalamíg sa loób ng alín mang líbingan sa Siyudad.

TUNT. IKA-2. Sino mang taong lumabág sa Kautusáng itó, pagkatapos mapatunayan ang pagkakásala,

ay parúrusahan ng isáng multang hindi hihigít sa dalawáng daáng piso o ng pagkabilanggong hindi hihigít sa anim na buwán, o ng tinurang multa at pagkabilanggô, sang-ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKA-3. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà mulâ sa ika-24 ng Oktubre, 1942.

Inilagdá sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng ika-6 na araw ng Oktubre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
Alkalde

KAUTUSÁNG BLG. 15

NA NAGBABAWAL NG PAGTUGTUG NG MÚSIKA SA LOÓB NG ALÍN MANG LÍBINGAN SA MAYNILÀ, AT PARÁ SA IBÁNG LAYUNÍN.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos maka-sanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Labág sa kautusán na ang sino mang tao o pulutóng ng mga tao ay tumugtog ng alín mang urì ng tugtugin o músika pará sa anó mang layunín samantalang nasa-loob ng nasásakupan ng alín mang libingan sa Siyudad ng Maynilà, máliban ang pagtugtog o pag-awit na náuukol sa isáng “ceremonia” o “rito” sa paglilibíng o pagpaparangál sa isáng bangkay ng tao.

TUNT. IKA-2. Sino mang taong lumabág sa tadhanà ng Kautusáng itó, pagkatapos mapatunayan ang pagkakásala, ay parúrusahan ng isáng multang hindi hihigít sa isáng daáng piso o ng pagkabilanggong hindi hihigít sa tatlong buwán o ng magkalakíp na multa at parusa, sang-ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKA-3. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà pagkatapos na mapagtibay.

Inilagdá sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng ika-6 ng Oktubre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
Alkalde

To GAZETTE Readers:

We are putting out limited re-issue edition of the *City Gazette* Vol. I—No. 1 and No. 2, on March 1, 1943.

First Come, First Served.